

PROLOGUE

“Ellie?”

“Shh...” Sumenyas siya sa kakambal na si Madison. They were identical. Pero hanggang sa physical features lang ang ipinagkatulad nila. Their personalities were exact opposites. Kung anong moderna niya, siyang old-fashioned naman nito. She was an extrovert, impulsive and reckless. Mahilig siyang gumimik kasama ng mga kabarkadang teenagers. While Madie liked to stay at home and read good books, or create crossword puzzles.

Sa kanilang dalawa, siya ang madalas magdala ng sakit ng ulo sa kanilang mga magulang. She was the thorn at their sides. Kung minsan, outright na nasasabi ng mga ito na sana ay si Madison na lang ang naging anak. Masakit, pero tanggap na niya iyon. She couldn't force herself to change para lang paluguran ang mga magulang.

“Alas onse na ng gabi. Bakit bihis ka?”

“Birthday ni Tyler, remember? Invited ako.” Si Tyler ang twenty-one-year old basketball varsity player ng *St. Theodore's High School* na crush na crush

niya. Kailan lang ay nagbunga ang pagpapa-cute niya rito. Napansin din nito ang ganda niya. Boyfriend na niya ang lalaki ngayon.

“Pero di ba hindi ka pinayagan nina Mommy?”

“Kaya nga tatakas ako. At hindi ka magsusumbong.”

“Ellie, you can’t do this! Lalo lang silang magagalit sa ’yo,” may himig ng pag-aalala na saway nito.

“Well, they’re already mad at me. So what difference does it make?”

Kanina lang ay nasampal siya ng daddy niya dahil sinagot niya ito nang pabalang. Hindi kasi pumayag ang mga magulang niya na um-attend siya ng party. She was grounded for the weekend.

Bumangon si Madison sa kama. Nagbihis ito at nagsuot ng sapatos.

“Ano’ng ginagawa mo?” tanong niya sa kakambal. Kahit pa nakapagitan sa kanila ang hindi pantay na pagtingin ng mga magulang, Madie had always been protective of her.

“Sasamahan kita,” sagot nito habang nagtitirintas ng sapatos. “Gabi na. Hindi kita p’wedeng pabayaang mag-isa.”

“Pagagalitan ka nina Mommy.”

“Saka ko na lang iisipin ’yun, okay? Besides, hindi rin naman ako makakatulog dahil alam kong nasa labas ka.” Sandali siyang sinulyapan nito. “You’re my sister. Hindi kita p’wedeng pabayaang,” Madie said softly.

Napangiti siya.

They were both sixteen at kaka-graduate lang ng high school. B.S. Psychology ang kursong kukunin nito sa kolehiyo samantalang Fine Arts naman siya.

“Pero promise me na sandali lang tayo doon. Kung maaga tayong uuwi, baka hindi mahalata nina Mommy na tumakas tayo.”

Tinapik niya ito sa braso.

“Don’t worry, Sis. Wala akong balak magpaumaga sa party na ’yun.”

Tumango ito. Hinugot nito mula sa built-in closet ang isang manipis na cardigan. Siya naman ay kinuha ang leather jacket na paborito niyang suutin. Tahimik silang lumabas ng bahay. Nilakad nila ang kabilang kanto kung saan naghihintay ang isa niyang kaibigan.

“Bakit ngayon ka lang? At saka bakit isinama mo pa iyang kapatid mo?”

“She’s okay. Hayaan mo na’t bibihira naman siyang lumabas ng bahay. Ano, tara na?”

Nagkamot ito ng ulo.

“O, bakit? Ano’ng problema? Bakit ganyan ang hitsura mo?” tanong niya sa kaibigan.

“Eh, hindi ko kayo p’wedeng samahan. Mamayang madaling-araw ang uwi ni Daddy galing Dubai. Hindi lang ako sumama sa pagsundo dahil nagdahilan akong masakit ang ulo.”

“Paano iyan? Sino’ng mag-drive nitong kotse?”

“Marunong ka naman, di ba? Ingatan mo na lang. Saka hindi ’yan sa amin. Hiniram ko lang din sa tropa ko.”

“Sige, okay. Akin na ang susi. Madie, sakay na.”

Matapos magpaalam at magpasalamat sa kaibigan ay pinaandar na niya ang kotse.

“Ellie, slow down. Masyado ka nang mabilis magpatakbo,” kinakabahang paalala ni Madison.

Nasa main road na sila. At dahil hindi na ganoon karami ang nagdaraang sasakyan, nagawa niyang magpatakbo ng eighty kilometers per hour.

“Relax! Masyado ka namang nerbyosa. Hindi ba’t

tinuruan tayong mag-drive ni Daddy?”

“But you’re going too fast.”

Matapos bumuntong-hininga ay tinapakan niya ang brake para bumagal ang takbo nila.

“Oh, my God!” Kahit itodo niya ang tapak sa brake, hindi sila humihinto. “Madie, wala tayong preno!”

“What?” Namutla ito. Nagsimula na siyang mag-panic. Malapit na kasi sila sa intersection. “Ellie...”

Nanginginig na ang mga kamay niyang nakahawak sa manibela. Hindi gumagana ang isip niya sa kung ano ang gagawin. Napatingin siya sa kakambal na katulad niya ay natatakot din.

Pagdating sa intersection ay may makakasalubong silang delivery truck. Tinangkang iwasan iyon ni Ellison. Kinabig niya ang manibela sa kanan. Pero dahil sa hindi niya magawang magmenor, bumangga sila sa steel railings. Lumusot ang nguso ng kotse sa bakal na harang. Umalog ang katawan niya dahil sa impact. Nauntog pa ang ulo niya sa manibela.

Mahilu-hilong nilingon niya ang kapatid. At hindi niya napigilang mapahagulgol nang makitang isang piraso ng bakal ang tumagos sa windshield ng kotse

at tumusok sa dibdib ni Madison.

“M-Madie...” tawag niya rito. May nararamdaman din siyang mahapdi sa kanyang tagiliran. At nang itaas niya ang isang kamay ay basa iyon ng dugo. But Madison’s injury looked worse. Hindi ito kumikilos, at punung-puno ng dugo ang dibdib nito. “M-Madie...” ungol niya.

Pawala na ang kanyang ulirat. At hanggang sa ipikit niya ang mga mata ay hindi niya nakitang kumilos ang kakambal.

1

“Tell me this is just a big joke!” Inis na itinaas ni Anthony ang dalawang kamay sa hangin. Kausap niya ang kanyang mama sa kanyang bachelor’s pad sa Makati. Pinuntahan siya nito para sabihin ang verdict ng kanyang Lolo Angelo.

Apat na araw pa lang ang nakakaraan nang atakihin ito sa puso sa gitna pa mandin ng supposedly engagement party niya. Ang dahilan? Sa halip na mag-propose siya sa girlfriend na si Clarice na apo ng isang matalik nitong kaibigan, nakipag-break siya sa dalaga. Sa harap ng humigit-kumulang dalawang daang bisita. Clarice walked out wailing. Wala namang tigil sa pagbabanta sa kanya ang ama nito. His Lolo Angelo suffered a mild stroke at mabilis na isinugod sa *Makati Medical Center*. Galit na galit ito at ni ayaw siyang makita. Minabuti niyang mamalagi na lang muna sa kanyang pad.

“Hindi ako nagbibiro, Anthony. Gusto ng lolo mo na tumigil ka muna sa Lucena nang tatlong buwan.”

“Pero bakit? Ano ba’ng masama sa ginawa ko? Ayokong pakasalan si Clarice dahil hindi ko siya mahal. Naging totoo lang ako sa sarili ko.”

“Pero hindi mo dapat sinabi iyon sa harap ng maraming tao. You could’ve just talked to her in private. O kaya’y sinabi mo sa amin nang maaga para hindi na natin itinuloy ang lintek na party na iyon.”

“I did. Pero ayaw niyang tanggapin. Nagmalaki pa siyang kahit daw ayaw ko, wala rin akong magagawa dahil iyon ang gusto ni Lolo.”

Nahilot nito ang sentido.

“Whatever. Pansamantala’y sundin mo na lang muna ang lolo mo. Pasasaan ba’t mauunawaan niya ang dahilan mo.”

“Mama, I can’t. I don’t want to run away from this trouble. Besides, may trabaho ako.”

“Uhm... about that. You’re indefinitely suspended from the TV station.”

“What?” Halos malaglag ang panga niya sa pagkabigla. “Hindi niya p’wedeng gawin iyon! Sumosobra na siya!”

“Anthony, Anak, I know you’re upset.”

“Upset? No, I’m not upset. I’m furious! Walang karapatan si Lolo para patakbuhan ang sarili kong buhay.”

“Please, try to understand. Napahiya siya sa mga kaibigan niya.”

“At mas mahalaga iyong image niya kaysa kasiyahan ng sarili niyang apo? I can’t believe this!” patuya niyang bulalas. “At hindi ako makapaniwalang pati ang sarili kong ina’y hindi ako kakampihan.”

“Now that’s being unfair! Do you really think that after what happened, I’d defy your grandfather because of you? Another heart attack and he won’t be that lucky. Hindi mo naman siguro nanaising mamatay ang lolo mo, hindi ba?”

Emotional blackmail. Expert ang mama niya roon. And it was working. Of course, hindi niya gugustuhing mamatay ang lolo niya. Despite their differing views about love and life, he loved the old man without a doubt. Ito na ang tumayong ama niya mula pa nang maghiwalay ang kanyang mga magulang. Siya rin ang pinakapaborito nitong apo, kahit pa madalas ay para silang aso’t pusa.

Tumayo ang kanyang ina at pinisil ang kanyang mga balikat.

“Anthony, pagbigyan mo na lang muna ang lolo mo. Tatlong buwan lang naman. At saka sa palagay ko, ginawa niya ang desisyon para mapanatili ka ring

ligtas.”

Kunot ang noong nilingon niya ang kausap.

“Wala kasing tigil sa pagbabanta ang daddy ni Clarice na ipapagulpi ka niya.”

Napaismid siya. Kung hindi niya kilala ang ama ni Clarice, baka matakot pa siya. Pero matapang lamang ito sa salita. Wala itong backbone. Mas nakakatakot pa nga ang personality ng anak nito kaysa rito.

“I’m not scared of him,” mariin niyang sagot.

Umiling ang kanyang ina. “Ako na ang nakikiusap, Anthony. Para matapos na lang ang gulong ito sa pagitan ninyong maglolo.” Malalim itong bumuntong-hininga at binanat ang pisngi. “Ako ang nai-stress sa inyong dalawa. Kung bakit kasi pareho kayong matigas ang ulo. Nasisira ang beauty ko sa inyong maglolo!”

Doon na siya natawa. At fifty-six, Amanda Teodoro could still pass for a thirty-ish woman. Puwede nga silang mapagkamalang magkasintahan lalo’t hindi naman niya nakuha ang features nito. Kamukha siya ng ama, isang Pranses na nakilala nito sa Paris nang ipadala ito roon ng kanyang abuelo para mag-aral.

Anthony sighed deeply and leaned back on the couch. Naihilamos niya ang isang palad sa mukha. Wala siyang choice. Kailangan niyang magpunta ng probinsya.

“Ano naman ang gagawin ko sa Lucena sa loob nang tatlong buwan? You can’t expect me to sit around and wait hanggang sa magpasya si Lolo na pabalikin na ako dito sa Manila.”

“Tungkol sa bagay na iyan, nakausap ko na ang Tito Emman mo. You’ll be teaching Math at *St. Theodore’s* for three months.”

“I will what?” Bigla siyang napatayo.

Pagkababa pa lang ni Ellison sa tricycle ay narinig na niya ang paparating na kahol ng isang aso. Binubuksan pa lamang niya ang gate ay heto na’t palabas ang kanyang three-year-old Golden Retriever na si Jerry, followed by two rambunctious eight-year-olds.

“Whoa!” natatawang pigil niya sa alaga na hindi magkamayaw kung paano siya dadambahin.

“Hello, Tita Ellie,” bati ni Tommy, isa sa kambal.

“Hello, Tommy, Timmy. Masaya ba ang buong

araw ninyo?” Excited na nagkuwento ang dalawa habang patuloy sa pagtahol ang aso. Naaaliw na pinakinggan lang niya ang mga ito.

“Kids, kagagaling lang sa work ng Tita Ellie ninyo. Why don’t you let her go home and get some rest first?” singit ni Marly, ang ina ng kambal at ang kaisa-isa niyang kaibigan sa subdivision na iyon.

Nalukot ang kanina ay masayang ekspresyon ng mga paslit.

“Do you have to bring Jerry home with you?”

Muling kumahol ang aso nang marinig ang pangalan nito.

“Yes, Timmy. Siya lang kasi ang kasama ko sa bahay.”

“Bakit hindi ka pa mag-asawa para may kasama ka, ’tapos sa amin na lang si Jerry?” tanong ni Tommy. Sinaway ito ng ina.

“Boys, pumasok muna kayo sa loob.”

Nakasimangot na nagpaalam ang dalawang bata sa kanyang alaga. Pero nang malapit na ang mga ito sa pinto ay tinawag niya ang dalawa.

“Saturday naman bukas. Why don’t we go to the

playground tomorrow para makapaglaro ulit kayo ni Jerry?”

“Talaga po?”

Their faces beamed. Sumulyap sa ina ang dalawa at nang tumango si Marly ay masaya nang nagsipasok ang mga ito.

“Hay naku! Pasensya ka na sa dalawang iyon. Masyado nang nagiging matabil,” anito, sabay abot sa kanya ng leash ni Jerry. Yumuko siya at ikinabit iyon sa dog collar ng aso.

“They’re just kids, Marly. Besides, ang laki nga ng utang-na-loob ko sa inyo. May napag-iiwanan ako kay Jerry habang nasa school ako.”

“Hindi naman mahirap alagaan iyang aso mo. At magaling siyang magbantay ng mga bata, hindi ba, Jerry?” Kumahol ang hayop at tumalon pa na animo nagpapasikat. Natatawang sinaway niya ang aso at nagpaalam na sa kaibigan.

Isang block ang layo ng bahay niya sa tahanan ni Marly. Pagkabukas niya ng front door ay pinakawalan niya si Jerry. Dumerecho kaagad ito sa kusina.

Sumunod siya, kinuha ang dog plate nito at nagsalin doon ng kaunting gatas bago ibinaba sa

alaga. Pagkatapos ay pumasok na siya sa silid para magpalit ng damit.

She had been living on her own for ten years now. Mula iyon nang kusa siyang umalis sa kanilang bahay dahil hindi niya matagalan ang guilt. The car accident that killed her twin sister still haunted her night after night. At kahit hindi naman siya literal na sinisi ng mga magulang, naramdaman pa rin niyang mas matatanggap ng mga ito kung siya ang namatay at si Madison ang nabuhay. At hindi niya masisisi ang mga ito. Siya talaga ang may kasalanan kahit pagbali-baligtarin pa ang pangyayari.

Hindi na siya pinigil ng dalawa nang sabihin niyang gusto niyang bumukod. Baka nga nakaramdam pa ng relief ang mommy at daddy niya. The last time she talked to them was last Christmas. Tatlong taon nang naninirahan sa Canada ang mag-asawa. Nang magpaalam ang mga ito sa kanya na magma-migrate, they didn't even bother to ask her if she wanted to come. Okay lang sa kanya iyon. Kung nasasaktan man siya, dapat lang.

Hindi naman nagpabaya ang mga ito in terms of financial support. Regular ang allowance na natatanggap niya kahit ngayong may sarili na siyang income. But that wouldn't compensate for the deep

ache she carried inside her heart for years. They were once a happy, ordinary family. Pero dahil sa kapabayaang niya ay nasira ang magandang pamilyang iyon.

Ang sunud-sunod na kahol ni Jerry ang pumukaw sa kanya. Tapos na itong uminom ng gatas at nakapasok sa silid niya nang hindi niya namamalayan. Pinahid niya ang magkabilang pisngi na basa na pala ng luha.

“Don’t worry, big guy! I’m okay.”

Isang ‘woof’ ang naging sagot ng alaga nang guluhin niya ang balahibo nito. She fell in love with Jerry the moment she laid eyes on him at a pet shop in a mall. Sa loob ng tatlong taon, ito ang naging best friend niya at sounding board ng mga problema. Ito ang kahit paano ay naging sandalan niya at karamay sa pag-iisa.

Hinubad niya ang thick-rimmed eyeglasses na hindi naman kataasan ang grado, kinalas ang pagkakaipit ng mahabang buhok, at hinubad ang school uniform na hindi papasa sa panlasa ng kahit sinong fashion guru. Matapos tanggalin ang hindi fashionable na damit na iyon, doon lang lumabas ang totoong ganda ng kanyang katawan.

Kung susundin niya ang panlasa, she’d like to

wear her hair short, would adjust her uniform to a perfect, sexy fit, and wear makeup. If she were the old Ellison, she wouldn't be a guidance counselor in their old high school, but a painter. She wouldn't just settle with Jerry, but also with a hot, gorgeous guy who'd warm her bed at night, kiss her in the morning and share breakfast in bed with. If she were the old Ellison, she'd choose to be happy than alone.

Pero hindi na siya ang dating si Ellison. Her old self died with Madie that night. Ngayon ay nabubuhay siya na pangalan na lang ang natitirang kanya. Ginaya niya ang hitsura at personality nito, ang lahat ng mga hilig, pati na ang pagiging old-fashioned. She even learned to create crossword puzzles. Sa ganoong paraan man lang ay maramdaman niyang hindi ito namatay sampung taon na ang nakakaraan. Not that Madison would choose not to be happy if she were alive. Ang parteng iyon ay sariling desisyon niya. Denying herself happiness was her way of paying back for her sin.

Papasok siya sa banyo nang mapadaan sa dresser mirror. Napansin niya ang gapisong pilat sa tagiliran. Kinapa niya iyon at malungkot na ngumiti. Iyon ang natamo niya sa aksidente kasama si Madison.

Napabuntong-hininga siya at pumasok sa banyo

Mr. Substitute Teacher - Doreen Laroya

upang mag-shower. Maghahanda siya ng hapunan pagkatapos.

2

Katulad ng ipinangako sa kambal, alas ocho ng umaga nang lumabas siya kasama si Jerry, bitbit ang isang picnic basket. Sinundo niya ang dalawang bata na nag-aabang na sa gate. Kumahol ang aso nang makita ang magkapatid. Hinayaan na niya na ang mga ito ang humawak ng leash ni Jerry.

Pagdating sa playground ay naghanap lang siya ng bench na maupuan. Pinakawalan niya ang alagang hayop at nagsimula nang maglaro ang tatlo. Kinuha niya ang isang pad at nagsimulang gumawa ng crossword puzzles.

Makalipas ang dalawang oras at matapos ubusin ang baong sandwiches at ang fruit salad na ginawa niya kanina ay hinatid na niya pauwi ang dalawang bata with the promise na every Saturday nilang gagawin ang picnic.

“Look, Jerry. Mukhang may occupant na ’yung katabi nating bahay.” Kumahol ang aso at iginalaw pa ang buntot. Hinila ni Ellie ang leash nito at nagbagal ng paglalakad.

Isang moving van ang naka-park sa tapat ng

bungalow na katabi lang ng tinitirhan niya. Dalawang lalaki ang lumabas sa bahay at binuhat ang isang sofa mula sa van. Naka-uniform ang mga ito na pareho rin ng nakatatak sa sasakyan.

Tumaas ang isang kilay niya.

Mukhang maganda ang taste ng bago niyang kapitbahay. Kahit hindi mukhang overly expensive ang malaking sofa na bitbit ng dalawang lalaki, hindi rin naman iyon mukhang cheap at binili lang sa pipitsuging furniture shop.

Umikot siya sa van para hindi makaistorbo sa dalawang nagbubuhat. Nakapasok na siya sa gate nang lumabas ang isang matangkad na lalaking nakasuot ng baseball cap. May kinuha itong isang katamtaman ang laking kahon mula sa van. His muscles were tense and firm as he held the heavy box with both arms. Hindi niya gaanong makita ang mukha nito dahil natatakpan ng sombrero.

Kumahol si Jerry. Bahagyang natigilan ang lalaki at sumulyap sa kanila. She turned away abruptly, pulling the dog's leash as she adjusted her glasses. Nagmamadali siyang pumasok sa bahay.

Mabilis ang tibok ng puso niya nang maisara niya ang pinto.

“Woof!”

“Shh! Huwag kang maingay, Jerry.”

Tumakbo siya paakyat sa kanyang silid at sinilip ang kabilang bahay mula sa bintana ng kuwarto. Tiyempong lumabas uli ang nakasumbrerong lalaki. Tumambay ito sa tabi ng pinto, hinubad ang suot na cap at pinunasan ng likod ng kamay ang pawisang noo. Mabilis ang pagtaas-baba ng dibdib nito at ang marahas na pagbuga ng hangin. May isang instance pa na hinipan nito ang loose strands of hair na tumabing sa noo nito. And Ellie’s heart did a funny somersault.

He looked up and squinted his eyes toward the late morning sun. Napansin niya ang medyo nangingitim nitong panga dahil sa day-old stubbles na hindi pa nito inaahit.

The man had strong, chiseled jaws. Hindi ito ang tipo na puwedeng irampa sa isang fashion show dahil guwapo at well defined ang pecs at abs. Hindi nito taglay ang boyish good looks at ang boy-next-door type na aura.

He looked... raw, dangerous.

He looked very manly with his not overly muscled body and the arrogance on a face any sane woman

would want to etch in her memory.

Naramdaman siguro ng lalaki na may nagmamasid dito dahil bigla itong lumingon sa gawi niya, eyes still narrowed in irritation.

Bigla siyang napaatras na para bang isang matulis na kidlat ang ibinato sa kanya. From her distance and that brief instance, nakita niya kung gaano kaitim ang mga mata nito. Sandali lang ang sulyap na iyon. Pumasok na rin ito kaagad sa loob.

At hindi niya maipaliwanag ang kakulangang naramdaman, na para bang isang mahalagang bagay ang nawala sa kanya.

She discarded the feeling. Naguwapuhan lang siya rito. Sa tatlong lalaking nakita niya, ito lang kasi ang malakas ang dating. Humanga lang siya. Pero hanggang doon lang iyon. Ipinaalala niya sa sarili na hindi siya dapat umibig. Wala siyang karapatang lumigaya dahil siya ang dahilan kung bakit nawala ang kakambal niya.

Lumabas na siya ng kuwarto at inabala ang sarili sa paglilinis ng bahay. Si Jerry ay iniwan muna niya sa labas. Sarado naman ang gate at hindi ito makakalabas. Natapos na siyang maglinis nang makarinig siya ng sunud-sunod na kahol at isang

galit na tinig ng lalaki.

“Si Jerry!”

Napalabas siyang bigla, walang kaalam-alam na may mantsa ng dumi ang kanyang pisngi. Napamura siya nang makitang bukas ang gate paglabas niya.

The incessant barking came from next door. Sumilip siya roon. Naroon nga si Jerry, walang tigil sa kadadamba sa lalaking kapitbahay niya.

“Jerry!” tawag niya sa aso. Excited itong lumapit sa kanya at nagpaikut-ikot sa paanan niya, wagging his tail.

“Lady, you have a lunatic dog there.” Hindi naman galit ang tinig ng lalaki, just a bit annoyed.

“I... I’m sorry. Hyper lang talaga siya. And I must’ve left the gate open kaya siya nakalabas.” Noon lang niya tinitigan ang kaharap. And she nearly swooned.

The man had a pair of the darkest eyes she had ever seen! Deep-set eyes, with lashes any woman would envy. Hindi katangusan ang ilong nito pero bumagay iyon sa pangahang mukha nito. His lips, wide and a little fuller at the bottom. A mischievous grin slowly curved his mouth, showing his perfect

white teeth, and a set of dimples. Napigil niya ang hininga. This one was a total, certified hottie. Bakit parang ibinigay na ritong lahat ang physical features na weakness niya sa isang lalaki?

Kumahol muli si Jerry. That was the icebreaker na nagpabalik sa kanyang isip sa kasalukuyan.

“I... I’m really sorry. He didn’t break anything, did he?”

Nagkibit-balikat ang binata. “Parang ako ang gusto niyang basagin. He kept jumping on me.”

Lumalim ang pamumula ng kanyang mukha.

“M-mahilig lang talaga siyang mangdamba. But he’s harmless, and he’s sweet.” Ginulo niya ang balahibo nito, to which Jerry responded with an excited bark.

“U-uhm... I think we should go. Sorry uli.”

“No problem.”

Hinila na niya ang aso palabas ng bakuran ng kapitbahay. Pagpasok sa sariling bakuran ay tiniyak niyang nai-lock niya ang gate. Ipinasok na niya si Jerry sa loob ng bahay.

“You’ve been a very, very bad dog, Jerry!” aniyang

iwinagayway ang hintuturo sa harap nito. “Bakit ka lumabas ng bahay? And why the hell did you go in there?” dugtong niya na parang isang batang nakakaintindi ang pinagagalitan. Jerry stared at her with his tongue stuck out.

Nagulat din siya sa ginawa nito. Mahilig sa tao ang alaga. Curious ito sa mga estranghero. Pero hindi ito kusang lumalabas ng bahay kapag hindi siya kasama. Isa iyon sa mga itinuro niya rito.

“Huwag mo nang uulitin iyon, ha? Kung hindi...” Inisip niya ang puwedeng iparusa rito. “Hindi kita ibibili ng paborito mong dog food!”

Umungol ito, dumapa sa sahig at itinago ang mukha sa dalawang paw.

Ellie tried to maintain a stern face, katulad ng madalas niyang ipakita sa mga estudyante ng *St. Theodore’s High School*. But the moment she saw Jerry’s antics, unti-unting sumungaw ang ngiti sa kanyang mga labi. Ngiting naging hagikgik hanggang sa maging hagalpak na.

“Ikaw talaga!” Lumuhod siya at hinaplos ang ulo ng aso. Tumayo ito at dinilaan ang pisngi niya. Niyakap niya ang alaga. “I love you, Jerry!”

Isang ‘woof’ lang ang naging sagot nito. Right

then, she wished isang tao ang kayakap niya. And that he'd answer her with an 'I love you, too'.

Anthony couldn't believe his luck. May kapitbahay siyang babae. A little out of style pero maganda.

He hated the idea na ipinatapon siya ng lolo niya rito sa Lucena. Inutusan pa nito ang kanyang ina para ilipat ang mga gamit niya sa pad dito sa maliit na bungalow na ito. He hated being controlled. Pero wala siyang choice. Sa ngayon ay kailangan muna niyang sumunod. Pero oras na maging maayos na ang lagay ng lolo niya, he'll have a piece of his mind, a huge piece.

Ang pinakakinaiinis niya ay iyong kailangan niyang pumasok sa *St. Theodore's High School* bilang isang Math substitute teacher. Wala siyang katiyatiyagang magturo. Lalo sa mga hyperactive, hormonal teenagers na mas interesado pa sa *DoTA* kaysa sa mga algebraic equations at sa paghahanap ng value ng X .

Mas gusto niya ang trabaho niya bilang head ng technical department ng *ALT-TV*, isang network station na pag-aari rin ng mga Teodoro. Tapos siya ng B.S. Electronics and Communications Engineering. Pangatlo siya sa mga pumasang estudyante na nasa

top ten ng engineering licensure exam. Kahit wala siyang teaching experience, hindi problema sa kanya ang pagtuturo dahil magaling siya sa numbers. Bukod pa sa family-owned naman ang *St. Theodore's High School*, kaya walang reklamo siyang tinanggap. Kung qualifications lang, walang problema. Ang problema ay hindi siya motivated magturo.

Pero ngayon? He grinned like a teenager who'd had his first sexual encounter.

Hindi man maging eventful ang bawat araw niya sa school, tiyak niyang masisiyahan pa rin siya lalo at araw-araw niyang makikita ang kanyang magandang kapitbahay. Kumuha siya ng isang lata ng beer sa fridge.

Kaaalis lang ng inarkila niyang movers van nang bigla na lang pumasok ang aso sa nakabukas na pinto at dinamba siya. Ilang minuto pa ay sumunod na ang dalagang amo nito. Nakita na niya ito kanina habang buhat niya ang isang kahon ng personal things niya. Pero hindi niya gaanong napansin ang mukha nito. Nahuli rin niya ang babaeng pinanonood siya mula sa bintana. But she stepped away even before he could take a good look at her. At kanina, hindi niya inaasahan na isang beauty pala ang babae kahit pa may bahid ng dumi ang mukha nito.

May ideya kaya ito kung gaano ito kaganda kapag natural ang pamumula ng mga pisngi? Iyon ang tanong niya sa sarili na ang bagong kapitbahay pa rin ang nasa isip. Hindi niya nakuha ang pangalan nito. Pero okay lang. Madali na sa kanya na malaman iyon dahil halos kadikit lang ng bahay niya ang tinitirhan nito.

He felt the urge to salivate. Gumalaw ang Adam's apple niya sa sunud-sunod na paglunok. The white and red t-shirt looked tight on her around the chest. Napangisi siya.

Weakness niya ang mga babaeng curvy at voluptuous. Para kasi sa kanya, petite women look fragile. Parang kristal na madaling mabasag. Ayaw rin niya iyong kapag niyakap niya ay kaunting laman lang ang makakapa niya. Mas gusto niya iyong may kaunti siyang taba na mapipisil in case sumpungin siya ng panggigigil. Not that she was fat. Miss Cute Little Neighbor had just enough well-defined curves and generous mounds for his hands to skim over.

Muli ay napangisi siya. He rubbed his palms absent-mindedly.

Yup! He ought to thank his grandfather.

Itinapon niya ang walang lamang lata ng beer

sa isang empty box na ginawa niyang basurahan. He took a towel from his still unpacked luggage. Magsa-shower muna siya bago lumabas para kumain.

Samantala ay abala na sa pagluluto si Ellison. Kapag ganitong weekend, sinisiguro niyang magluluto siya ng pagkain para sa kanilang dalawa ni Jerry. This time, chicken pastel ang napili niyang lutuin.

Masarap siyang magluto. Isang talent iyon na namana niya sa ina. Bata pa siya ay nakikialam na siya sa kusina.

“You love this, don’t you, big guy?”

Lumapit si Jerry at dinilaan ang paa niya. She giggled and shoed him away.

Bakit ba ang saya niya ngayon? At excited siyang hindi niya mawari. A face flashed before her mind. Hinayaan niyang magpaalipin sa mukhang iyon kahit sandali. Tatal naman hanggang pag-i-imagine lang ang puwede niyang gawin. Wala siyang balak palawigin ang relasyon nila nang higit pa sa pagiging magkapitbahay nila.

“Sa tingin mo, may pagkain na siya?”

Isang kahol ang isinagot ng aso na nakadapa lang

sa sahig at pinapanood siya.

“Yeah, tama ka. Siguradong wala kasi abala siya sa pag- unpack.”

Kumahol muli ito.

“Gusto mong dalhan natin siya ng pagkain?”

Jerry whined. Napangiti siya. Mukhang mabilis nakagaan ng loob ng kanyang alaga ang bago nilang kapitbahay.

“Okay, sige. Dadalhan natin siya pagkaluto nito.”

Pagkatapos magluto ay lumabas na siya ng bahay, bitbit ang isang plastic container na pinaglagyan niya ng ulam. Tinawid niya ang kapisang distansya papunta sa katabi niyang bungalow, with Jerry in tow. Hindi naka-lock ang gate kaya hindi siya nahirapang pumasok.

Huminto siya sandali pagtapat sa front door, pinunasan ng likod ng palad ang pisngi. Hiyang-hiya siya kanina nang makita kung gaano kadungis ang kanyang mukha nang lumabas siya upang kunin si Jerry. Huminga pa muna siya nang malalim, ipinaskil ang pinakamatamis niyang ngiti saka pinindot ang doorbell.

Muntik nang malaglag ang bitbit niya nang

Mr. Substitute Teacher - Doreen Laroya

pagbukas ng pinto ay sumungaw ang lalaki, basa pa ang katawan at buhok mula sa paliligo, at tanging isang puting tuwalya lang ang nakapulupot sa ibabang bahagi ng katawan.